STCQC, NAGDIWANG NG KULMINASYON NG BUWAN NG WIKA AT BUWAN NG KASAYSAYAN 2025

Nadine Elizabeth Rosario, 6 - Mary of Bethlehem
Jillian Balbon, 10-1
Reine Magbanua, 10-3

Alhambra, 8-1

De Los Santos, 10-2

Ang mababa at mataas na paaralan ng Saint Theresa's College of Quezon City ay nagkaroon ng hiwalay na pagdiriwang ng kulminasyon ng Buwan ng Wika at *Wikang Pambansa at Kasaysayan* noong Agosto 29, 2025 at Setyembre 2, 2025.

Wika at Kasaysayan: Pamana ng Nakaraan, Sandigan ng Pagkakaisa at Kamalayang Makabayan ng Kabataan sa Kasalukuyan ang naging tema ng kulminasyon ng mababang paaralan. Pinangunahan ito ng mga guro sa Filipino at Araling Panlipunan, sa pamumuno ni Gng. Tsarisma Gloria, kung saan binigyang-diin ang mataas na pagpapahalaga sa ating wika at kasaysayan.

Suot ang kanilang makukulay at tradisyonal na kasuotan, dinaluhan ng mga guro, mag-aaral, at kawani ng STCQC ang programa sa Sr. Marie Madeleine Multipurpose Gym, sa ganap na ika-7:30 N.U.

Itinampok sa pagtatanghal ang mga gawain sa buong buwan tulad ng pagbati at bugtungan sa mga diyalekto, ganoon din ang mga BaliKasaysayan tungkol kay Manuel L. Quezon, Ninoy Aquino, at mga ambag ng mga bayaning Pilipino. Idinaos din ang Lakbayani, kung saan binisita ng mga Teresa ang mga bayaning ipinaskil sa iba't ibang istasyon.

Si Dr. Maria Teresa C. Bayle, Punong Tagapangasiwa ng Paaralan ay nagpaalala sa mga Teresa na patuloy na mahalin ang wikang Filipino at ang ating kultura at kasaysayan. Binigyang-diin niya na ang ating wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kundi isa ring salamin ng ating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino. Binigyan din niya ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magnilay sa kanilang mga natutunan.

Nagdaos ng iba't ibang patimpalak sa pagbigkas ang bawat baitang tulad ng: Maikling Tula para sa Baitang 1, Kuwen-tula para sa Baitang 2, at Monologo ng Baitang 3. Samantala, nagkaroon ng Masining na Pagkukuwento ang Baitang 4, Tulawit ang Baitang 5, at BalagDueto ang Baitang 6.

Sa araw ding ito, nagpamalas ng kani-kanilang husay at pagkamalikhain ang mga inanyayahang panauhin. Kinagiliwan ng Baitang 3-6 ang masiglang pagtuturo ni Gng. Angela Magnabe ng sayaw. Samantalang nalibang at natuto rin ang mga mag-aaral sa sining sa papel sa pamamagitan ng paggawa ng paper mache na ibinahagi ni Gng. Catherine Pascual. Nagkuwento naman si Gng. Aimee Baldonado gamit ang papet sa Baitang 1 at 2. Wikang Pasenyas sa Kumpas ng Awiting Maka-Pilipino naman ang itinampok sa isa pang pagtitipon ng Baitang 5 at 6.

Lorca, 10-2

Capiral, 6-3

Galang, 6-1

LAYOUT BY GALVEZ 12-HUMSS

STCQC, NAGDIWANG NG KULMINASYON NG BUWAN NG WIKA AT BUWAN NG KASAYSAYAN 2025

Nadine Elizabeth Rosario, 6 - Mary of Bethlehem
Jillian Balbon, 10-1
Reine Magbanua, 10-3

Naging matagumpay ang pagtatapos ng Buwan ng Wika at Buwan ng Kasaysayan dahil hindi lamang nito ipinagdiwang ang makulay nating pagkakakilanlan bilang mga Pilipino, kundi hinikayat din nito ang bawat Teresa na ipagpatuloy ang pagmamahal at pagsasabuhay ng ating sariling wika, kultura, at kasaysayan sa araw-araw na pamumuhay. Subalit, ang ating pagka-Pilipino ay hindi nagwawakas sa pagtatapos ng pagdiriwang. Ito ay isang buhay na pananagutan na dapat pinagyayaman at pinangangalagaan sa bawat pagkakataon.

Sa kabilang banda, ang mataas na paaralan ay nagkaroon din ng pagdiriwang ng kulminasyon na may temang, *Trivyahe ng Kasaysayan at Wika: Daluyan ng Pagkakakilanlan at Pagkakaisa*.

Binigyang-diin ni Gng. Estrella Evelie G. Alcabedas, punongguro ng mataas na paaralan, sa kanyang pambungad na pananalita ang pagsusumikap na isulong ang pagpapahalaga sa pagiging Pilipino. Nagbigay din ng mensahe si Gng. Sally Jambalos, ang *team leader* ng Araling Panlipunan, tungkol sa wikang Filipino at kung paano ito magagamit bilang isang sandata upang lutasin ang hindi makatotohanang impormasyong laganap sa social media.

Pagkatapos nito, kinilala ang mga mag-aaral na nagpakita ng natatanging pagganap sa kanilang klase sa Filipino. Ipinamalas nila ang kanilang pagkamalikhain sa pamamagitan ng pagbuo ng poster, pagtatanghal ng sabayang pagbigkas, mga malikhaing *video teaser*, at iba pa.

De Los Santos, 10-2

De Los Santos, 10-2

De Los Santos, 10-2

De Los Santos, 10-2

De Los Santos, 10-2

Mga Pangkat	Mga Nagwagi
7-1 Sr. Digna Schacht	Kassandra Limon
8-3 Melchora Aquino	Anica Juliarth Cruz
9-3 St. Claire	Arianna Calixta Cruz Carisse Jillian Legaspi Danica Jasmine Marasigan Regina Celeste Pedroso Ysabella Raon Francesca Gwen Roque Beatrice Alyssa Salao Samantha Gail Siriban Annika Sotto Knorease Daphne Sy Mary Gabrielle Tolentino Athena Alene Undazan
10-3 Our Lady of the Holy Rosary	Sophia Cortez Sophia Catungal Reine Magbanua Athena Revereza
11 - HUMSS/GA	Juliana Isabela Evangelista Kaitlyn Marie Jacinto Cielo Grace Villaviray
12 - ABM/GA	Mhariane De Los Reyes Clarissa Geordana Odra Rhiyo Rihanna Ramos Patricia Angela David Weila Aquisha Uy

Ilang piling mag-aaral at guro rin ang nagpakitang-gilas sa parada ng mga kasuotang Pilipino mula sa Luzon, Visayas, Mindanao, at maging sa modernong panahon. Nagpatuloy ang pagdiriwang sa Salu-salo kung saan nagdala ang bawat klase ng iba't ibang pagkaing Pilipino na kanilang sama-samang pinagsaluhan.

Sa pagwawakas ng programa, nag-iwan si Dr. Maria Teresa C. Bayle ng hamon sa mga mag-aaral na patuloy na pahalagahan at ipagmalaki ang pagkakakilanlang Pilipino sapagkat ito ang magsisilbing tulay ng bawat Pilipino sa komunikasyon at pakikipagkapwa.

LAYOUT BY GALVEZ 12-HUMSS